FILIPINO

BASIX:Paggawa ng mga bahay na umaaayon sa kapaligiran

Ang BASIX ay isang kagamitang nasa 'web' ng kompyuter na nagbibigay-katiyakan na ang mga bahay ay nakakatipid ng tubig, makagawa ng lalong maliit na masamang 'greenhouse gas' at lalong maginhawang tirahan.

Tungkol sa BASIX

Kinakailangan sa ilalim ng BASIX na lahat ng bagong bahay sa NSW ay gagamit ng hanggang 40% lalong maliit na malinis na tubig at makakagawa ng hanggang 40% lalong maliit na masamang 'greenhouse gas' kumpara sa pangkaraniwang bahay.

Mula unang araw ng Oktubre 2006, ang BASIX ay mag-aapekto na rin sa mga malalaking pagpapakumpuni na nangangailangan ng permiso sa Konseho.

Mga natatanging alamin tungkol sa BASIX:

- Ang inyong development application (DA) (aplikasyon sa pagpapagawa) o ang kasamang development certificate (CDC) (sertipiko ng pagpapagawa) ay kailangang may kasamang BASIX Certificate kung isumite sa Konseho;
- Upang mabigyan ng isang BASIX Certificate (sertipiko), kailangang makumpleto ang isang BASIX assessment (pagtatasa). Dito kinakailangan masagot ang isang hanay ng mga tanong tungkol sa sukat ng bahay, lokasyon, mga gagamiting materyal sa pagpapagawa, pagkukunan ng tubig at mga ilalagay na kasangkapan;
- Ang mga impormasyong ito ay gagamitin ng BASIX sa pagtasa ng disenyo ng bahay. Maaaring kailangang magbago kayo ng ilang aspeto ng disenyo upang makapasa sa pagtatasa ng BASIX;
- Pagkatapos, maaari na ninyong iprinta ang inyong BASIX Certificate – ito ay listahan ng mga gagawin sa inyong bahay na inyong ipinangakong tumutugon sa BASIX;
- Ang mga ipinangakong gagawin ay kailangang markahan sa mga plano ng bahay, at kayo ay kinakailangan sa batas na gawin ang bahay ayon sa inilarawan – magkakaroon ng mga pagsusuri sa ibat-ibang panahon ng pagpapagawa;
- Kung magbago ang inyong isip tungkol sa alin man sa mga pangakong gagawin, kailangang ulitin ninyo ang pagtatasa, magprinta uli ng bagong Sertipiko at isumite ito sa Konseho.

BASIX ay isang kagamitang nakabase sa web - lahat ng impormasyong kailangan ay nasa website: www.basix.nsw.gov.au.

BASIX para sa mga bagong bahay

Ang kagamitang BASIX na ito ay may tatlong bahagi: Tubig, Enerhiya at Maginhawang Init.

Ang mga bahaging Tubig at Enerhiya ay naglagay ng layuning pagtitipid hanggang 40%. Ang mga layunin sa loob ng NSW ay iba't-iba dahil ang BASIX ay sang-ayon sa panahon, uri ng lupa, karami ng ulan at kalakas ng anyas sa pagtuyo, at ganoon din sa uri ng gusali.

Ang bahaging Maginhawang Init ay maaari lamang na makapasa kayo o hindi, depende kung ang disenyo ay may kasamang sapat na insolasyon, panangga ng sinag ng araw sa bintana at 'performance glass' (kung kinakailangan).

Baka kailangan ninyong baguhin ang disenyo ng bahay upang makapasa sa tatlong bahaging ito.

Pinapasigla ng BASIX ang malawakang hanay ng mga nakakasang-ayong bahagi at maaari kayong mamili kung ano ang gagamitin ninyo sa disenyo ng inyong bahay.

Lahat ng mga bagong bahay na gagawin sa NSW ay magiging kasang-ayon sa kapaligiran, lalong maginhawang tirahan at lalong matipid na imentena.

BASIX para sa mga Pagpapakumpuni at Pagdagdag

Ang paraang ito ay sapilitang gagawin sa buong NSW mula sa unang araw ng Oktubre 2006. Ito ay nagpapatiyak na kasama sa mga malalakihang pagpapakumpuni ng bahay ang mga sulit sa bayad at praktikal na paraan upang ang mga ito ay lalong matipid sa paggamit ng enerhiya at tubig.

Kailangan ninyo ang isang BASIX Certificate para sa gagawin ninyong pagpapakumpuni kung:

- Ang inyong Konseho ay nangangailangan ng isang DA o CDC; at
- Ang gagawing pagpapakumpuni ay nagkakahalaga ng $100,000 o mahigit. (Mula unang araw ng Hulyo 2007, ito ay bababa sa $50,000.)

Ang mga swimming pool (o isang pool at isang spa) na maglalaman ng higit sa 40,000 litro ay mangangailangan din ng BASIX Certificate.

Kung hindi kayo nangangailangan ng isang BASIX Certificate, maaari pa rin kayong boluntaryong gumamit ng BASIX Certificate. Dito kayo nakakatiyak na ang mga pagpapakumpuni ay matipid sa tubig at enerhiya, at nakatitipid kayo sa mga babayaran. Ibig ding sabihin na hindi kayo kinakailangang tutupad pa sa anumang kasalukuyang mga kautusan ng Konseho tungkol sa pagtitipid ng tubig at enerhiya.

Depende sa uri ng panukalang pagkukumpuni, kinakailangan kayo sa BASIX na gumawa ng mga sumusunod:

- Insolasyon;
- Pagpakintag at pagpalilim
- Pag-ilaw ng mga matitipid sa koryente
- Sistemang de-gas, init na galing sa araw, kahoy o de-bombang pampainit ng tubig;
- 3-star na antas ng mga gripo, pang-shower at kubeta.

Ang mga kinakailangan sa BASIX ay para lamang sa mga bahagi ng bahay na ipapakumpuni.

Ano ang mga bahagi ng disenyo na hinihikayat ng BASIX?

- ang hindi halatang disenyo na nagbibigay sa bahay ng likas na mas mainit sa panahong ng tag-lamig at mas malamig sa panahon ng tag-init;
- insolasyon;
- pampainit ng tubig sa mga paraang de-gas o mula sa araw;
- sisidlang imbakan ng tubig-ulan para gamitin sa hardin, kubeta at/o labahan;
- mga gripo, 'showerhead' at 'dual-flush' ng pagbuhos sa kubeta na nakakatipid ng tubig;
- mga gamit pambubong na mapuputing kulay;
- mga butas sa bubong upang makapasok ang likas na liwanag
- paghahardin na nangangailangan ng mas kunting tubig;
- mga nagamit nang tubig ang pandilig sa hardin

Mga mahahalagang alamin

- Para sa kasalukuyang impormasyon tungkol sa eskedyol at layunin ng BASIX, tingnan ang website sa: www.basix.nsw.gov.au;
- Ang isang BASIX Certificate ay may bisa ng 3 buwan bago isumite sa Konseho;
- Anumang pagbabagong gagawin sa inyong mga planong panukala ay nangangahulugan ng paggawa ng panibagong pagtatasa ng BASIX at pagprinta ng bagong sertipiko;
- Ang BASIX website ay may malawak na hanay ng mga mapagkukunan upang makatulong sa inyo, kasama na ang:
    - listahan ng lahat na impormasyong inyong kinakailangan bago matapos ang isang pagtatasa;
    - Pagpapaturo mula sa kompyuter;
    - Mga polyetos ng kaalaman;
    - Mga nakasulat na pantulong;
- Ang pangakong gagawin ninyo sa panukala (na nakalagay sa inyong BASIX Certificate), ay dapat kasama sa plano na titingnan sa Konseho at sa kahabaang panahon ng paggawa. Anumang mga pagtaliwas dito ay maaaring magresulta sa inyo ng mga magastos na pagbabago.
- Kung hindi matatasa ang BASIX ang inyong disenyo, maaari kayong mag-aplika para sa isang Alternative Assessment (Alternatibong Pagtasa) – tawagan ang Basix Help Line para sa dagdag na impormasyon.